

Sa Mga Residente

Tungkol sa pagsumite ng Income Declaration Form

Ang lahat ng mga residente ng Prefectural Housing ay kinakailangang magpasa ng income declaration form bawat taon. Basahin nang mabuti ang **sulat na ito at siguraduhing ipasa ang mga kailangang dokumento bago mag July 4, 2022 (Monday).**

Batay sa ipinasang income declaration form (para sa lahat ng miyembro ng sambahayan), ang renta para sa taon ng **2023 (mula April 2023 hanggang March 2024)** ay tutukuyin, at ipapadala ang abiso sa unang bahagi ng January 2023. Ang renta para sa Prefectural Housing ay tinutukoy **sa income ng lahat ng miyembro ng sambahayan, kaya mangyaring maglakip ng mga dokumentong nagpapatunay sa income ng lahat ng mga may income (kabilang ang mga pension, part-time jobs, atbp.) <tingnan ang listahan sa ibaba para sa mga detalye >.**

Pakitandaan na kung hindi ka nagpasa ng income declaration form o kung ang mga kalakip na dokumento ay hindi sapat, **maaaring ang halaga ng renta ay maging katulad sa uri ng upa ng mga kalapit na apartment (katumbas sa renta ng private apartments).**

Kahit na walang income ang iyong sambahayan, **kailangan mo pa ring magpasa ng income declaration form.**

1) Deadline para sa pagsusumite

July 4, 2022 (Lunes)

2) Mga paalala sa pagsulat ng income declaration form

- >> Isulat ang edad as of October 1, 2022.
- >> Kung mayroon kang dependents na hiwalay na naninirahan, isulat din ang kanilang mga pangalan at isulat ang "bekkyo fuyou"(dependents living separately) sa remarks column (備考).
- >> Kahit na may pagbabago sa income dahil sa pagbabago o pagbibitiw sa trabaho, o iba pang dahilan pagkatapos ng applicable period (January 1, 2021 hanggang December 31, 2021), ang halagang nakasaad sa official certificate (annual income) ay gagamitin para sa pagsusuri.
- >> Kung ikaw ay tumatanggap ng public assistance (seikatsu hogo) at tumatanggap ng housing assistance, hindi mo na kailangang maglakip ng anumang dokumento. Isulat sa remarks column (備考) "seikatsu hogo" (tumatanggap ng public assistance).

3) Paraan ng pagsumite at Mga dokumento na kailangang ilakip

<Paraan ng pagsumite>

Ilagay ang lahat ng sumusunod na dokumento sa return envelope, magdikit ng postage stamp at ipadala ito sa amin. Pakitandaan na kung may kakulangan sa bayad sa postage stamp, hindi ito mapapadala sa amin.

- ① Income declaration form
- ② Mga dokumentong magpapatunay sa income (tingnan ang listahan sa ibaba)
- ③ Para sa mga may kapansanan, ang kopya ng iyong disability certificate na nagpapatunay sa antas ng iyong kapansanan

< Mga dokumento na kailangang ilakip >

Klasipikasyon	Mga dokumentong kailangan
Employment / Salary income	Original copy ng Shiminzei • Kenminzei tokubetsu choshu zeigaku tsuchisho (hindi tatanggapin ang withholding tax slip)
Tumatanggap ng pension (nenkin)	Original copy ng withholding tax slip (gensen choshuhyou) para sa lahat ng pension na natanggap
Self-employed, atbp. at nagfa-file ng tax return (kakutei shinkoku)	Original copy ng Shiminzei • Kenminzei futsu choshu nouzei tsuchisho
Kung hindi mailakip ang mga kailangang dokumento na nakasulat sa itaas, maglakip ng certificate of income (shotoku shoumeisho) na inisyu ng Municipal Office ng iyong tirahan (may bayad ang pag-issue).	

< Sa mga may income ng higit sa isa >

●Salary income+Pension	Income certificate na inisyu ng Municipal Office ng iyong tirahan (may bayad ang pag-issue)
●Filing tax return+Pension	
●Salary income+Filing tax return	
●Salary income+Filing tax return+Pension	

※Ang mga dokumentong ipinasa bilang patunay sa income ay hindi namin ibabalik.

※Kahit na may mga pagbabago sa income dahil sa pagbabago ng trabaho o pagbibitiw, ang halagang nakasaad sa official certificate (annual income) ay gagamitin para sa pagsusuri.

※Hindi na kailangang magpasa ng certificate of residence (juminhyo) o certificate of the family register (koseki tohon).

4) Tungkol sa aplikasyon dahil sa pagbabago ng income

Pagkatapos maipasa ang income declaration form, kung mayroong pagbabago sa iyong income (pagbabago sa bilang ng dependents, pagbabago sa bilang ng miyembro ng pamilya, atbp.), magpasa ng mga official dokumento (certificate) na nagpapatunay sa dahilan ng pagbabago at ipadala ito sa Housing Management o Branch Office. Kung ang renta ay nagbago bilang resulta ng muling pagsusuri ng income ng sambahayan, aabisuhan ka ng "Yachin kettei henkou tsuchisho".

5) Tungkol sa Opinyon sa Desisyon

Pagkatapos matanggap ang paunawa ng pagpapasiya para sa renta at income (pagtukoy ng excess income) na ipapadala sa unang bahagi ng January 2023, **kung mayroon kang opinyon, maaaring sabihin ang opinion sa loob ng 30 araw mula sa araw pagkatapos matanggap ang paunawa.**

6) Tungkol sa Income Certification, Rent Determination, at Notice ng Determination ng Excess Income

Aabisuhan ka namin sa unang bahagi ng January 2023, pagkatapos naming ma-certify ang iyong kita batay sa iyong income declaration at isinasaalang-alang ang mga benepisyo ng bahay, gaya ng laki, lokasyon, at mga taon ng pagtatayo nito. Para sa mga mayroong excess income, ang excess rent ay ang pagkakaiba sa pagitan ng rent ng parehong uri ng kalapit na pabahay at ng original rent, na i-multiply sa itinakdang halaga ayon sa bilang ng mga taon mula nang matukoy na excess income at ng income.

7) Submission and Contact Information

Nagoya City and Owari Area	Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Nagoya-shi Naka-ku Marunouchi 3-19-30 Aichi-ken Jutaku Kyoukyu Kousha Bldg. 5F TEL: (052) 973-1791	Nishi Mikawa Area	Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Okazaki-shi Myoudaiji Hon-machi 1-4 Ken Nishi Mikawa Sogo Chousha 5F TEL: (0564) 23-1863
Ichinomiya Area	Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Ichinomiya Shisho Ichinomiya-shi Imaise-cho Hon-kanbe Tatekiri 1-4 Ken Ichinomiya Kensetsu Jimusho 1F TEL: (0586) 28-5411	Chiryu Area	Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Chiryu Shisho Chiryu-shi Kamishigehara-cho Zoufukuji 124 Ken Chiryu Kensetsu Jimusho Minami kan 1F TEL: (0566) 84-5677
Chita Area	Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Chita Shisho Handa-shi Miyamoto-cho 3-217-21 Central Bldg. 5F TEL: (0569) 23-2716	Toyota Kamo Area	Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Toyota Kamo Shisho Toyota-shi Kita-machi 6-3-4 Toyota Kouei Jutaku Center TEL: (0565) 34-2001
Ama Area	Nagoya Owari Jutaku Kanri Jimusho Ama Chuzai Tsushima-shi Nishi Yanagihara-cho 1-14 Ken Ama Sogo Chousha 5F TEL: (0567) 24-7330	Higashi Mikawa Area	Mikawa Jutaku Kanri Jimusho Higashi Mikawa Shisho Toyohashi-shi Imahashi-cho 6 Ken Higashi Mikawa Kensetsu Jimusho 1F TEL: (0532) 53-5616

Information can be obtained from the
FOREIGNERS SUPPORT DESK

(7 languages)

TEL: (052)684-5007

Lunes ~ Huwebes (9:00 ~ 12:00 - 13:00 ~ 17:00)
(Closed on Public Holidays and New Year's Holiday)



Aichi-ken Jutaku Kyoukyu Kousha